Mensahe Walo

# Ang Ekonomiya ng Diyos kalakip ang Kanyang Pamamahagi sa Aklat ng Jeremias

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 2:13; 15:16; 17:7-8, 19-27; 23:5-6; 31:31-34; Heb. 8:8-12

**I. Sinasabi sa Jeremias 17:7-8, "Mapalad ang tao na nagtitiwla [kay Jehovah] / At ang pagtitiwala ay [kay Jehovah]. / Sapagkat siya'y magiging tulad sa punongkahoy na itinanim sa tabi ng tubig, / Na ang mga ugat ay gumagapang sa tabi ng batis, / At hindi natatakot kapag dumarating ang init; / Sapagkat ang mga dahon nito ay nananatiling sariwa, / At hindi mababalisa sa taon ng pagkatuyo, / Sapagkat hindi ito tumitigil sa pamumunga":**

A. Ang mga bersikulong ito ay maaaring maunawaan sa dalawang magkaibang paraan—ayon sa natural na pagkaunawa o ayon sa ekonomiya ng Diyos; ang mga bersikulong ito ay walang kinalaman sa mababaw na bagay ng pagtitiwala sa Diyos upang makatanggap ng mga materyal na pagpapala; sa katunayan, ang mga bersikulong ito ay tumutukoy sa ekonomiya ng Diyos na naisasagawa sa pamamagitan ng Kanyang pamamahagi:

1. Ang pahayag dito ay naghahayag na ayon sa ekonomiya ng Diyos, ang isa na nagtitiwala sa Diyos ay tulad ng isang puno na itinanim sa tabi ng tubig, sumasagisag sa Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig (2:13a); hindi lamang tayo nagtitiwala sa Diyos, bagkus ang Diyos din Mismo ay ang ating pagtitiwala sa Kanya.
2. Ang puno ay lumalago sa tabi ng tubig sa pamamagitan ng pagsipsip ng lahat ng kayamanan ng tubig sa loob nito; ito ay isang larawan ng pamamahagi ng Diyos; upang matanggap ang dibinong pamamahagi, tayo bilang mga puno ay dapat sipsipin ang Diyos bilang ang buháy na tubig na naipapamahagi tungo sa ating katauhan upang maging ating mismong kabuuan.

B. Ang kaisipan dito ay katulad sa 1 Corinto 3:6, kung saan sinasabi ni Pablo, "Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, ngunit ang Diyos ang nagpalago"; ang pagdidilig ay para sa pagsipsip ng puno, at ang pagsipsip ay ang pagtanggap sa pamamahagi ng Diyos.

1. Ang puno ay lumalago taglay ang Diyos bilang Tagapagtustos at panustos; ang panustos ay ang kayamanan ng nagtutustos na Diyos na naipamahagi tungo sa atin bilang mga halaman nang sa gayon ay lumago tayo tungo sa sukat ng Diyos; sa kalaunan, ang mga halaman at ang Diyos, ang Diyos at ang mga halaman, ay nagiging isa, taglay ang parehong elemento, esensiya, pagkakabuo, at anyo—Col. 2:19.
2. Kailangang makita nating lahat ang mahalagang kahulugan ng pagsipsip sa Diyos bilang ang buháy na tubig upang mabuuan tayo ng Kanyang elemento at esensiya at lumago sa paglago ng Diyos; kung saan kulang ang paglago sa buhay, ang buhay-Kristiyano ng mga mananampalataya ay magiging magulo, ang buhay-ekklesia ay masisira, at ang buhay-Katawan ay mawawasak.
3. Upang lumago sa buhay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, kailangan nating sipsipin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-uugat pailalim at pamumunga paitaas (Isa. 37:31); ito ay nangangahulugan na kailangan nating magkaroon ng mga nakatagong panahon ng pakikipagsalamuha sa Diyos (Mat. 6:6; 14:22-23); ang pagpapalakas, pagliliwanag, pagtatamasa sa kapahingahan, kagalakan, pagsampalataya, paglutas sa mga suliranin, pagdaig sa mga pagsubok, mga tukso, at

mga paghihirap, at kaaliwan para sa isang Kristiyano ay pawang nakadepende sa kanyang lihim na pakikipagsalamuha sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at sa salita ng Diyos (Dan. 6:10; Col. 4:2; 2 Tim. 3:14-17).

**II. Sa Jeremias 17:19-27 ay mayroon tayong isang salita tungkol sa pangingilin ng Sabbath ng Diyos; ang paraan upang ipangilin ang Sabbath ng Diyos ay ang tamasahin Siya, ang magpahinga sa Kanya, at ang masiyahan sa Kanya bilang ang bukal ng mga buháy na tubig—2:13:**

A. Sa Exodo 31:12-17, pagkatapos ng isang mahabang talâ hinggil sa pagtatayo ng pinananahanang lugar ng Diyos, may isang pag-uulit ng utos na ipangilin ang Sabbath; ayon sa Colosas 2:16-17 at Mateo 11:28-30, si Kristo ang realidad ng Sabbath ng kapahingahan—Heb. 4:7-9; Isa. 30:15a:

1. Kung nalalaman lamang natin kung paano gumawa para sa Panginoon ngunit hindi nalalaman kung paano magpahingang kasama Niya, tayo ay kumikilos nang salungat sa dibinong prinsipyo:

a. Ang Diyos ay nagpahinga sa ikapitong araw sapagkat natapos na Niya ang Kanyang gawain at nasiyahan; ang kaluwalhatian ng Diyos ay naipakita dahil tinaglay ng tao ang Kanyang larawan, at maipapatupad na ang Kanyang awtoridad upang lupigin ang Kanyang kaaway, si Satanas; hangga't naihahayag ng tao ang Diyos at tinutuos ang kaaway ng Diyos, ang Diyos ay nasisiyahan at nakapagpapahinga—Gen. 1:26, 31; 2:1-2.

b. Kalaunan, ang ikapitong araw ay ginunita bilang ang Sabbath (Exo. 20:8-11); ang ikapitong araw ng Diyos ay ang unang araw ng tao; pagkatapos likhain ang tao, hindi siya sumali sa gawain ng Diyos; siya ay pumasok sa kapahingahan ng Diyos.

2. Nilikha ang tao hindi upang gumawa muna bagkus upang masiyahan sa Diyos at magpahingang kasama ng Diyos; sa Diyos ito ay isang bagay ng paggawa at pamamahinga, ngunit sa tao ito ay isang bagay ng pamamahinga at paggawa; ito ay isang dibinong prinsipyo na pagkatapos ng isang ganap na pagtatamasa sa Diyos, maaari tayong gumawang kasama Niya—cf. Mat. 11:28-30:

a. Kung hindi natin alam kung paano tamasahin ang Diyos Mismo at kung paanong mapuspos ng Diyos, hindi natin nalalaman kung paanong gumawang kasama Niya at maging kaisa Niya sa Kanyang dibinong gawain; tinatamasa ng tao kung ano ang isinakatuparan ng Diyos sa Kanyang gawain.

b. Sa araw ng Pentecostes ang mga disipulo ay napuspos ng Espiritu, nangangahulugan na napuspos sila ng pagtatamasa kay Kristo bilang ang makalangit na alak; matapos lamang silang mapuspos ng pagtatamasang ito ay saka sila nagsimulang gumawang kasama ng Diyos sa kaisahan sa Kanya—Gawa 2:4a, 12-14.

B. Bilang ang bayan ng Diyos, dapat nating taglayin ang isang tanda na tayo ay nagpapahingang kasama ng Diyos, nagtatamasa sa Diyos, at napupuspos muna ng Diyos; pagkatapos tayo ay gagawa sa pamamagitan ng mismong Isa na pumupuspos sa atin; higit pa rito, hindi lamang tayo gumagawang kasama ng Diyos bagkus gumagawa rin sa pamamagitan ng pagiging kaisa ng Diyos, taglay Siya bilang ating kalakasan upang gumawa at ating enerhiya upang magpagal—Exo. 31:13, 17.

C. Sa buhay-ekklesia marahil ay gumagawa tayo ng maraming bagay nang hindi muna nagtatamasa sa Panginoon at hindi naglilingkod sa Panginoon sa pagiging kaisa ng Panginoon; ang gayong uri ng paglilingkod ay nagreresulta sa espiritwal na kamatayan at pagkawala ng pagsasalamuha sa Katawan—bb. 14-15.

D. Ang gawain ng Panginoon upang itayo ang ekklesia ay dapat magsimula sa pagtatamasa sa Diyos, nagpapahiwatig na hindi tayo gumagawa para sa Diyos sa pamamagitan ng ating sariling kalakasan kundi sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Kanya at pagiging kaisa Niya; ito ang ipangilin ang prinsipyo ng Sabbath kalakip si Kristo bilang ang panloob na kapahingahan sa ating espiritu—1 Cor. 3:9; 15:58; 16:10; 2 Cor. 6:1a.

**III. Ang aklat ng Jeremias ay isang buod ng buong Biblia; ang propesiya ni Jeremias ay nagpapahiwatig na tanging si Kristo ang makapagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos at tanging si Kristo ang sagot sa mga kahilingan ng Diyos sa Kanyang ekonomiya; ang larawang iginuhit ni Jeremias ay nagpapakita na tayo ay walang anuman at si Kristo ang lahat-lahat sa atin:**

A. Sinasalita ni Jeremias hinggil kay Kristo, sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos, sa pagiging ating katuwiran at ating katubusan (23:5-6), hinggil sa Diyos sa pagiging ang bukal ng mga buháy na tubig (2:13), hinggil kay Kristo sa pagiging ating pagkain (15:16), at hinggil kay Kristo bilang ang realidad ng bagong tipan kalakip ang mga pagpapala nito (31:31-34; Heb. 8:8-12):

1. Sa isang panig, masasabi natin na ang bagong tipan ay kasingkahulugan ng ekonomiya ng Diyos, sa pagiging ang nilalaman at substansiya ng ekonomiya ng Diyos—Jer. 31:31-34; Job. 10:13; cf. Efe. 3:9:

a. Ang lahat ng pangunahing aytem sa bagong tipan ay ang nilalaman ng ekonomiya ng Diyos at ang Kanyang pamamahagi kalakip kapwa ang Kanyang pambatas na pagtutubos at organikong pagliligtas upang gawing-diyos tayo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, na napasusukdol sa Bagong Herusalem.

b. Ang ministeryo ng apostol ay ang ministeryo para sa bagong tipang ekonomiya ng Diyos; ito ang bagong tipang ministeryo na nakasentro sa ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:3-4; cf. 2 Cor. 3:3, 6.

2. Sa kabilang panig, masasabi natin na ang bagong tipan ay ang paraan na isinasakatuparan, o isinasagawa ng Diyos, ang Kanyang ekonomiya; inihahayag ng 2 Corinto na ang ministeryo ng bagong tipan ay para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—2:12—4:1.

B. Si Kristo ay ang realidad ng bagong tipan, ang bagong testamento, ang realidad ng lahat ng kung ano ang Diyos at lahat ng ibinigay ng Diyos sa atin; samakatuwid, si Kristo ang bagong tipan:

1. Ang mga pamana ay marami, subalit ang maraming pamanang ito sa katunayan ay isang persona—ang malahiningang Kristo—Isa. 42:6; 49:8; Jer. 31:31-34; Heb. 8:8-12; Juan 20:22; Efe. 3:8.

2. Ang mga pamanang pinamana sa atin ng Panginoon sa bagong tipan ay di-masaid, at ang mga ito ay upang ating maranasan at matamasa sa pamamagitan ng Espiritu magpasawalang hanggan—Heb. 9:15.

3. Kailangan nating tahakin ang mga sinaunang landas ng ating mga ninuno sa pamamagitan ng paglakad sa daan ng bagong tipan na nakatuon sa ekonomiya ng

Diyos, ang daan na naghahatid sa buhay; ang mga tabíng-daan ay mga landas ng mga pakana ni Satanas ayon sa maligoy na istratehiya na naghahatid sa pagkawasak; ang tahakin ang mga maligoy na tabíng-daan ay ang bumaba, subalit ang tahakin ang mga sinaunang landas, isang daan na patag, ay ang umakyat—Jer. 18:15; cf. Mat. 7:13-14.

4. Sa bagong tipan, ang walang hanggang kasunduan, ibinibigay ng Diyos sa ating ang isang puso at isang daan (Jer. 32:39-41); ang isang puso ay ang puso upang ibigin ang Diyos, upang hanapin ang Diyos, upang ipamuhay ang Diyos, at upang mabuuan ng Diyos upang tayo ay maging ang kanyang kahayagan; ang isang daan ay ang Tres-unong Diyos Mismo bilang ang panloob na kautusan ng buhay taglay ang dibinong kapasidad nito (31:33-34); ang isang puso at isang daang ito ay ang isang puso't kaisipan (Gawa 1:14; 2:26; 4:24; Rom. 15:6).

C. Bilang ang Isang umakyat sa langit na nakaluklok sa trono sa mga kalangitan, si Kristo ngayon ay nagsasagawa ng bagong kasunduan, na Kanyang pinamana sa atin bilang isang testamento, na namamagitan para sa atin at nagmiministeryo sa atin upang ating matanto, maranasan, at matamasa ang lahat ng mga pamana na nakapaloob sa bagong tipan—Heb. 12:2; 7:25; 8:1-2:

1. Ang bagong tipan, ang bagong testamento, ang habilinan, ay pinagtibay ng kamatayan ni Kristo at isinasagawa at ipinapatupad ni Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit.
2. Ang bagong tipan ay pinamana sa atin bilang ang bagong testamento, at ngayon, sa mistikong kinasasaklawan ng Kanyang makalangit na ministeryo, isinasagawa ni Kristo kung ano ang Kanyang pinamana.
3. Si Kristo ngayon ay nasa mga kalangitan, buhây, dibino, at may kakayahan; kaya Niyang isagawa ang bagong tipan, ang bagong testamento sa bawat detalye, ginagawa ang bawat pamana na maging laan at tunay sa atin:
   a. Bilang ang dibinong Mataas na Saserdote, isinasagawa ni Kristo ang bagong tipan na namamagitan para sa atin, nananalangin upang tayo ay madala sa realidad ng bagong tipan—7:25.
   b. Bilang ang Tagapamagitan, ang Tagapagsagawa, ng bagong tipan, si Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo ay nagsasagawa ng bagong tipan at isinasagawa sa loob natin ang bawat aytem ng mga pamanang ito—8:6; 9:15; 12:24.
   c. Bilang ang kasiguruhan ng bagong tipan, si Kristo ay ang prenda na lahat ng nasa bagong tipan ay matutupad; ginagarantiya at sinisiguro Niya ang bisa ng bagong tipan—7:22.
   d. Bilang ang Ministro ng totoo (makalangit) na tabernakulo, si Kristo ay naglilingkod sa atin taglay ang mga pamana, mga pagpapala, ng bagong tipan, ginagawa ang mga katotohanan ng bagong tipan na mabisa sa ating karanasan—8:2.
   e. Bilang ang dakilang Pastol ng mga tupa, si Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang pagpapastol, ay pinapasukdol ang Bagong Herusalem ayon sa walang hanggang tipan ng Diyos—13:20.

D. Kung nais nating tanggapin ang lahat ng pagpapala sa bagong tipan, kailangan tayong maging mga tumutugon sa makalangit na ministeryo ni Kristo—12:1-2; Col. 3:1:

1. Ang ministeryo ni Kristo sa kalangitan upang isagawa ang bagong tipan ay nangangailangan ng ating pagtugon—Heb. 7:25; 4:16; 10:19, 22:

    a. Sa tinagal ng mga siglo tinangka ni Kristo na makatamo ng isang grupo ng mga tao upang tumugon sa Kanyang makalangit na ministeryo sa mga kalangitan subalit hindi gaanong nagtagumpay.

    b. Sa awa at biyaya ng Panginoon, sa lupa ngayon ay may isang grupo ng mga tao sa pagbabawi ng Panginoon na tumutugon sa makalangit na ministeryo ni Kristo.

    c. Bilang ang Ulo na nasa kalangitan na namamagitan para sa atin at nagmiministeryo sa atin, tayo, ang Katawan, ay nasa lupa na tumutugon sa makalangit na ministeryo ni Kristo, tumutugma at inaaninag kung ano ang ginagawa Niya upang isagawa ang bagong tipan—Efe. 1:22-23; 4:15-16; Gawa 6:4.

2. Dapat mabuksan ang ating mga mata upang makita ang makalangit na pangitain ng bagong tipan, ang bagong testamento, ang habilin, kalakip ang lahat ng mga pamana—Efe. 1:17-18; Gawa 26:18-19:

    a. Ipinangako ng Ama ang lahat ng bagay, at isinakatuparan ni Kristo ang lahat ng bagay; ngayon ang lahat ng mga naisakatuparang katotohanan ay inisa-isa sa habilin bilang ating mga pamana—Luc. 22:20; Heb. 9:16-17.

    b. Kung taglay natin ang makalangit na pangitain upang makita na ang lahat ng pagpapala ng Diyos ay pinamana sa habilin, hindi tayo mananalangin bilang mga dukhang namamalimos bagkus bilang mga maluwalhating tagapagmana, tumatanggap ng mga pamana sa pamamagitan ng pananampalataya—Rom. 8:17; Efe. 3:6; Heb. 6:17; 1:14.

    c. Kung taglay natin ang makalangit na pananaw ng bagong tipan, ang bagong testamento, ang ating konsepto ay magbabago, tayo ay radikal na magbabago, at tayo ay mawawalan ng bait na may papuri sa Panginoon—2 Cor. 5:13; Apoc. 5:6-13.

E. Kailangan natin ang lahat ng dalawampu't pitong aklat ng Bagong Tipan upang bigyang kahulugan ang Jeremias 31:31-34:

1. Kung mauunawaan natin ang bahaging ito sa liwanag ng buong Bagong Tipan, makikita natin na sa bagong testamentong ito ay taglay natin ang ekklesia, ang kaharian ng Diyos, ang sambahayan ng Diyos, ang bahay ng Diyos bilang ang pinananahanang lugar ng Diyos sa ating espiritu, ang bagong tao, at ang Katawan ni Kristo bilang ang kapuspusan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos.

2. Sa katapusan, ang bagong testamentong ito ang magpapasok ng isang libong taon; sa kahulihan at sa sukdulan, ito ang magpapasok sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa sa walang hanggang.

*© 2020 Living Stream Ministry*